# IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGPUPULONG NG COBAS AT ARCA-COOPLAT

Noong ika 14 ng Hulyo ang Cobas na naka kontrata (dell'appalto) sa pag portero (bagahe) – paglilinis ng Gallilei ay nakipag kita sa Cooplat-Arca.

Sa inyong kaalaman, ang paglipat mula sa part-time orizzontale sa part-time verticale ay nag sa sanhi ng maraming problema, ng dahil sa pamamahagi ng oras ng trabaho sa ibat ibang paraan ayon sa mas malaki o mas maliit na trapiko sa airport sa ibat ibang buwan ng taon.

Kapag ikaw ang may trabahong part-time, ang mga mang-gagawa ay naghahanap ng pangalawang trabaho dahil hindi sapat ang part-time para mabuhay lalo na kung meron kang pamilyang sinusuportahan.

**Ang bagay, gayunpaman ay nagiging komplikado sa part-time verticale, dahil maaari nitong hindi pagtugmain ang oras ng trabaho sa airport at sa oras ng iba pang trabaho**.

Sa isang kasunduang sindacale na naganap noong ang Cobas ay wala pa sa airport, ang Cooplat at Arca ay sumang ayon upang magbigay (kapalit ng abala at sakripisyo) ng "premio aziendale" at "buoni pasto", na ngayon ay nais lang nilang ilaan para sa mga mang-gagawang part-time verticale at full-time.

**Ang Cobas** ay sumusuporta sa kahilingan ng mga mang-gagawa na bumalik sa part-time orizzontale at sisikapin na buksan ang isang pag areglo sa Cooplat at Arca tunkol sa kahilingan ito, kahit bago mag expire yung kasunduan sindacale (accordo sindacale).

**Ang Cobas** ay sinusuportahan pati ang kahilingan ng mga mang-gagawa upang magpatuloy ang "buoni pasto" at "premio aziendale", ano man uri ng trabahong part-time kng saan sila nakatuon.

**Ito ang mga napag usapan, bukod sa iba pang mga bagay noong pagpupulong nung ika 14 ng Hulyo.**

Sa bagong istraktura ng pagmamay-ari (new ownership structure) ng SAT at sa nalalapit na pag expire ng kontrata (appalto) ay hindi tiyak ang hinaharap para sa ating lahat anumang nasyonalidad ang iyong kinabibilangan.

**Lahat tayo, samakatuwid, kasapi man o hindi kasapi ng ano mang unyon (sindacato), ay magsama-sama upang maiwasan na lumala ang kondisyon natin sa trabaho, ang proteksiyon sa ating kalusugan, oras ng trabaho at ng sahod**.

## COBAS LAVORO PRIVATO

ciclinpr., v. s. lorenzo 38, pisa – 4/8/2914 **confcobaspisa@alice.it;www.cobaspisa.it**